# Huwag Matakot sa halip Magtiwala sa Diyos

## NOTES

## WARM-UP

- Pag-usapan ang isang sorpresang naganap kamakailan lang (isang pangyayari o kaya ay isang mumunting balita). Bakit isang sorpresa ito para sa iyo?
- Kailan ang huling pagkakataon na may tumupad ng pangako sa iyo?
- Magkuwento tungkol sa isang tao na pinagkakatiwalaan mo ng lubusan. Bakit mo siya pinagkakatiwalaan?

## WORD

*[26]Nang ikaanim na buwan ng pagbubuntis ni Elizabet, inutusan ng Diyos ang anghel na si Gabriel na pumunta sa nayon ng Nazaret sa Galilea. [27]Pinapunta siya sa isang birhen na ang pangalan ay Maria. Nakatakda nang ikasal si Maria kay Jose na mula sa lahi ni Haring David.[28]Sinabi ni Gabriel kay Maria, "Matuwa ka, Maria, ikaw na pinagpala ng Diyos. Sumasaiyo ang Panginoon."* **LUCAS 1:26-28**

(Basahin din ang **LUCAS 1:29-38**.)

---

Si Maria ay isang batang babae, marahil isang dalaginding, na nakatakdang ipakasal sa karpenterong si Jose. Noong mga panahong iyon, ang maipangako ay kasing halaga ng pangakong pagpapakasal. Para sa isang babae, ang kasal ay nangangahulugan na matatag na hinaharap. Subalit, sinabi ng anghel kay Maria, na isang birhen, na siya ay magdadalang tao sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. Alam ni Maria ang maaaring mangyari. Siya ay maaaring batuhin ng mga tao hanggang sa kamatayan dahil sa iisipin nila na siya ay nagtaksil. Sa kabila nito, nagtiwala si Maria sa Diyos at nagpailalim sa Kanyang mga tagubilin. Ang kuwento ni Maria ay nagpapakita sa atin ng tatlong dahilan kung bakit tayo dapat magtiwala sa Diyos.

## 1 Nagbibigay ang Diyos ng pagpapala.

*[29]Nabagabag si Maria sa sinabi ng anghel. Inisip niyang mabuti kung ano ang ibig sabihin noon. [30]Kaya sinabi sa kanya ng anghel, "Huwag kang matakot, Maria, dahil pinagpala ka ng Diyos."* **LUCAS 1:29,30**

Marahil sa loob-loob ni Maria ay may nagawa siyang mali na kailangan pa siyang puntahan ng anghel. Subalit dalawang beses sinabi sa kanya ng anghel na pinagpala siya ng Diyos, at dahil dito, hindi siya dapat matakot. Ang "pagpapala" o "*favor*" para sa salitang Griyego ay *charis*, na nangangahulugan ding "*grace*," o grasya. Sa kuwento ni Zacarias, natutunan natin na naririnig ng Diyos ang ating mga panalangin, at na ipinangangalagaan Niya tayo. Dahil dito, maaari nating matanggap ang pagpapala ng Diyos. Ano sa palagay mo ang ibig sabihin ng "pinagpala ng Diyos"?

........................................

........................................

........................................

........................................

## 2 Hawak ng Diyos ang ating kinabukasan.

*[31]Magbubuntis ka at manganganak ng isang lalaki, at papangalanan mo siyang Jesus.[32]Magiging dakila siya at tatawaging Anak ng Kataas-taasang Diyos. Ibibigay sa kanya ng Panginoong Diyos ang trono ng ninuno niyang si David.* **LUCAS 1:31,32**

Hindi lamang basta sinabi ng anghel kay Maria kung ano ang mangyayari sa kanya na tila doktor na nagsasabi ng gagawing proseso. Sa halip, naglaan ang Diyos ng panahon para ipaalam kay Maria ang bahagi niya sa Kanyang mga plano, at sabihin sa kanya ang mangyayari sa hinaharap. Ang mga salitang ginamit ng Diyos ay hayagang nagsabi ng pangako na ibinigay kay Haring David, na ninuno nila Maria at Jose. Sinabi ng Diyos kay Maria na siya ay may magandang hinaharap dahil bahagi siya ng isang dakilang plano upang tuparin ang pangakong ibinigay Niya sa Israel. Naniniwala ka ba na hawak ng Diyos ang iyong kinabukasan? Paano binago ng katotohanang ito ang iyong buhay?

## 3 Mapagkakatiwalaan ang Diyos.

*[37]"Sapagkat walang imposible sa Diyos." [38]Sumagot si Maria, "Alipin po ako ng Panginoon. Mangyari nawa sa akin ang mga sinabi ninyo." At iniwan siya ng anghel.* **LUCAS 1:37,38**

Sa bahaging ito ng kuwento, makikita natin kung paano binigay ni Maria ang kanyang tiwala sa Diyos. Sa hinaharap na kawalan ng paglalaan at kapanatagan na dala ng kasal, madali sana ang matakot at mawalan ng tiwala sa Diyos. Subalit, nang sabihin ng anghel kay Maria na walang imposible sa Diyos, alam niya na totoo ito maging sa kanyang sitwasyon. Alam niya na hawak ng Diyos ang kanyang kinabukasan, na siya ay pinagpala, at na walang imposible sa Diyos. Paano ka matutulungan ng naging tugon ni Maria na lalo pang magtiwala sa Diyos?

## APPLICATION

- Nagtitiwala ka ba na ang Diyos ay nagbibigay ng pagpapala at na hawak Niya ang iyong kinabukasan? Paano ka lalago sa iyong pagkaunawa sa Diyos at sa pananalig mo sa Kanya ngayong linggo?
- Sa anong bahagi ng iyong buhay kailangan mong angkinin ang Lucas 1:37? Paano mo maisasapamuhay ang Salita ng Diyos ngayong linggo?
- Paano mo matutulungan ang isang miyembro ng iyong pamilya o isang kaibigan na huwag matakot at magtiwala sa Diyos ngayong linggo?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa lahat ng pagpapala at sa kinabukasan mong nakasalalay sa Kanya. Pasalamatan ang Diyos dahil sa pamamagitan nito, maaari mong pagkatiwalaan at sundin Siya.
- Hingin sa Diyos na tulungan kang makita ang Kanyang pagpapala at pagmamahal sa iyong buhay at tulungan kang magtiwala at magpasakop sa Kanya araw-araw.
- Ipanalangin na ikaw ay maging daluyan ng biyaya at pag-ibig ng Diyos para sa iyong pamilya at mga kaibigan ngayong panahon ng Kapaskuhan.

VICTORY

© 2016 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph